

Theonomy - Ang Pagkakasaayos Ng Tatlong Magkakabukod Na Persona Na Nasa Uring Dios

Foreword (Paunang pangungusap): Sinasabi ng marami na ang Trinity ay hindi na dapat taluntunin at halungkatin ng tao dahil iyon daw ay “mystery” o hiwaga o lihim. Hindi iyan naaayon sa Banal na Kasulatan dahil sa Deut. 29:29 ay sinasabi na “The secret things belong unto the LORD our God: but those things which are revealed belong unto us and to our children for ever, that we may do all the words of this law.” Itong katuruan sa Bilia tungkol sa “Trinity” o iyong tatlong magkakabukod na Persona na nasa uring Dios (Ama na uring Dios at Anak na uring Dios at Espirito Santo na uring Dios) ay aralin at katotohanan na bahagi ng kapahayagan sa atin ng salita ng Dios na nasulat na siya ring patutuo ng Panginoong Jesucristo dahil ang salita ng Dios ay patutuo ni Cristo (Rev. 1:1-2, 9; 19:10; Jn. 5:39-40,46-47)

Introduction:

Sangayon sa Biblia, Silang tatlo na magkakabukod na Persona na nasa uring Dios ay nasa pagkakasaayos. Ito ang tinatawag na “theonomy”, isang salitang binubuo ng “*theos*” (*Gr.* God) at ang “*nomos*” (*Gr.* law and order) na nangangahulugan ng “the order of the Godkind” o ang pagkakasaayos ng uring Dios na pawang nakatalaga ang lahat kay Jesus. May tatlong hanay ng katuruan mula sa Banal na Kasulatan tungkol sa Kanilang tatlo:

1. Pagkakasaayos ng pangpamilya na kaugnayan o familial relationship (Matt. 28:19)
 2. Pagkakasaayos na pinagkaisahan Nila yaong katagurian na nauukol sa bawat isa sa Kanila (Jn. 1:1, 14; 3:18; Heb. 9:14; Ps. 2:1-12; Heb. 1:5)
 3. Ito ay kaayusan ng pagkakasunduan o pagkakatugmatugma o kaayusan ng kapayapaan. This is an order of peace and harmony. (1 Thess. 14:33 For God is not the author of confusion, but of peace, as in all churches of the saints.)
- A. Kaugnayang Pangpamilya ng 3 Miembro ng Trinity. Itong pagkakasaayos ng uring Dios ay pagkakasaayos sa kaugnayang pangpamilya (familial relationships). Bakit kaugnayang pangpamilya?
1. Sapagkat ang kabilang sa uring Dios na ito ay nasa kaugnayan ng pangpamilya na ang isa sa Kanila ay nasa pagka-Ama, ito ang Dios Ama; ang isa sa Kanila ay nasa pagka-Anak, ito ang Dios Anak; at ang isa sa Kanila ay nasa pagka-Espirito Santo, ito ang Dios Espirito Santo. Iyong Dios Ama ay Ama na uring Dios (1 Cor. 8:6). Iyong Dios Anak ay Anak na uring Dios (Heb. 1:8-12; 1 Jn. 5:20; Jn. 1:1, 14, 18). Ang Dios Espirito Santo ay ang Espirito Santo na uring Dios (Acts 5:1-4; Heb. 9:14). Sila ay nasa kaugnayang pangpamilya sapagkat ang pagka-Ama at ang pagka-Anak at ang pagka-Espirito Santo ay kaugnayang pang-pamilya. Ito ay ipinapahiwatig din sa pagkakaroon nila ng isang pangalan, iyong pangalan na pagka-apellido o affiliation or common name.
 2. Ito ay itinuturo sa Matt. 28:19 (“Go ye therefore, and teach all nations, baptizing them in the name of the Father, and of the Son, and of the Holy Ghost.” Ang pagbabautismo sa mga maging alagad ng Panginoong Jesucristo ay pagbautismo na “nasa pangalan (hindi nasa mga pangalan) ng Ama at ng Anak at ng Espirito Santo.” Iyon ay common name na family name na iyon ay Kurios (*Gr.*) at Yahweh (*Heb.*) (Deut. 6:4; Matt. 11:25; 22:41-45; Rev. 1:8; 2 Cor. 3:17-18).
- B. Mga Katagurian Sa Bawat Isa. Bukod doon sa kanilang pagka-nasa kaugnayang pangpamilya, ang pagkakasaayos ng tatlong magkakabukod na Persona na nasa uring Dios ay pagkakasaayos na sila ay nagkakasundo sa katagurian na nauukol sa bawat isa.
1. Dahil sa Ps. 2:4-12 at sa Heb. 1:4-5, ay may aralin doon na ipinapahiwatig na may Yahweh na nangungusap kay David at ang Yahweh na iyon ay Siyang naglagay kay David na hari sa Zion. At iyong Yahweh na nangungusap kay David ay nagsabi sa Ps. 2:7 na, “I will declare the decree” (sasabihin ko ang itinakda). Ano ang itinakda? “Thou art my Son; this day have I begotten thee.” Iyong Yahweh na nangungusap kay David ay ibinabalita kay David na mayroong pang-isang Yahweh na nagsasalita na “Ikaw ay aking

Anak; sa araw na ito ay ipinanganak kita.” Samakatuwid, may Yahweh na nagtatakda ng pagka-Ama dahil Siya ang nagtatakda ng pagka-Anak doon sa isa. Itong pinagsasabihan niyong nasa pagka-Ama ay iyong itinatakda sa pagka-Anak at ito namang itinatakda sa pagka-Anak ay sumasangayon na Siya ay maging Anak. Ito ay usapan at kasunduan ng Dios Ama na Siyang maging uring Ama at ang Kaniyang kinakausap ay Siya ang maging uring Anak.

2. Pansinin na ang sinasabi dito ay “declaration of a decree” at hindi ito pagkakaluwal bilang Anak. Kailan naganap iyong pagkakatakda na “today” o “this day” doon sa Ps. 2:4:7 o Heb. 1:5? Kung ipagpapatuloy ang pagbasa mula Heb. 1:5 at pagdating sa Heb. 1:8; ang nangungusap doon ay ang Ama at ang pinapatungkulan ay ang uring Anak na iyong Ama na uring Dios ay kumikilala at tinatawag ang Anak bilang Siya ay uring Dios din na sinasabi, “But unto the Son he saith, Thy throne, O God, is for ever and ever: a sceptre of righteousness is the sceptre of thy kingdom.” Iyan ay kasunduan na isa sa Kanila ay matalaga sa pagiging Ama at ang isa ay matalaga sa pagiging Anak. At sapagkat, itong Ama at Anak ay kapuwa nasa uring Dios, kung kaya ang kasunduan Nila na ang isa ay aako sa pagka-uring Ama at ang isa sa Kanila ay aako sa pagka-uring Anak, ang kasunduan na ito ay ginawa pa doon sa walang hanggan bago pa malalang ang sanlibutan. Iyan ay bahagi ng walang hanggang kasunduan. At iyong Espirito Santo ay maitalaga naman na walang hanggang Espirito (Heb. 9:14). Ito ay walang hanggang kasunduan nilang tatlo na magkakaroon ng kaugnayang taguri sa bawat isa sa kanila sa kaugnayang pagkakamaganakan. Kaya ito ang pagkakasaayos ng pagkakasundo, pagkakaisa, pagkakatugma-tugma ng kaugnayan nila sa isa’t-isa. Ito ay order of peace and harmony.

C. Walang Hanggang Kapayapaan at Kaayusan. Itong “holy family” na ito ay sila ay nasa kasunduan na walang hanggang kapayapaan at kaayusan ay dahil sa may pagkakasundo.

1. Kaya lamang magkakaroon ng kaayusan sa uring Dios ay dahil may pagkakasundo sa isa’t isa. Lalo pa sa nilalang. Kaya lamang magkakaroon ng kaayusan at kapayapaan sa uring nilalang ay kung ang mga uringnilalang ay magkakasundo. Subalit, ano ang pagkakasunduan na magkakaroon ng kaayusan at kapayapaan? Ito ay pagtatalaga ng lahat sa Panginoong Jesucristo.
2. Bakit? Dahil bagamat ibinigay ng Anak ang Kaniyang lahat sa Ama, subalit ang Anak ay nagkusa na lahat ng gusto ng Ama ay susundin Niya. Ngayon, gusto ng Ama na lahat ay maitalaga sa Dios Anak na si Jesucristo (Jn. 3:35, 34; 5:22; 16:13-15; 17:10; Matt. 11:27; Col. 1:19; Eph. 1:9-10). Payag naman sa kaayusan na iyon ang Espirito Santo. Kaya ang bunga ng kanilang pagkakasundo ay maitalaga Nila ang Kanilang lahat sa Panginoong Jesucristo. Kung ikaw ay matinong magulang, hindi ka ba nalulugod kung maitalaga ang lahat sa iyong minamahal na anak? Ang Dios Ama ay lugod na lugod na maitalaga ang lahat sa Dios Anak. At ang Dios Espirito Santo ay nagpapatunay na ang tama para sa lahat ay matalaga ang lahat sa Dios Anak na si Jesucristo. At ang Panginoong Jesucristo ay isang butihin at mapagpahinuhod na Anak na kung ano ang gusto ng Dios Ama ay siyang Kaniyang susundin. Ang gusto ng Dios Ama ay siyang Kaniyang susundin. Ang gusto ng Dios Ama ay matalaga ang lahat sa Dios Anak na si Jesucristo. Kaya ang kinauwian na kabuuan ng kanilang pagkakasundo sa Kanilang kaugnayan ng pagkakamaganakan na ito ay pagtatalaga ng lahat sa Anak na si Jesucristo. Kaya nagkaroon ng kaayusan at kapayapaan sa ganoon na pagkakasundo.

D. Dito sa sanlibutan, ang tamang kaayusan at ang tanging makapagbibigay ng kapayapaan sa lahat dito ay kung italaga ang lahat ng bawat isa sa Panginoong Jesucristo. At ang Panginoong Jesucristo bilang Siya ang kanilang lahat sa lahat sa pagkakaalay Niya ng Kaniyang katawang tao hanggang kamatayan at sa Kaniyang pagbangon mula sa mga patay ay Siya ang magiging kaligtasan sa kapahamakan ng mundong ito at magkakaroon sila ng buhay na walang hanggan at kaluwalhatian magpakailanman. Ang Panginoong

Jesucristo rin ang magsasalo sa atin sa Kaniyang pagtatamasa sa kaluwalhatian sa piling ng Ama at ng Espirito Santo. At sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo ay malalaki tayo sa fellowship na iyon ng Trinity through our overall and only Mediator, our Lord and Savior Jesus Christ.

LOOSE NOTES (Painstakingly scribbled by Rev. Mar Quitarano on Rev. Medina's lectures)